

Jun Cruz Reyes

Ang Galak at Lumbay ng Makata

(ISAPTER 3 NG "AMADO, ANG PAGHAHANAP SA NAWAWALANG EPIKO
NG KATAGALUGAN")



May alanganing ngiti ang busto ni Amado V. Hernandez na nakatayo sa bukana ng baryo. Nakangiti naman ang malaking retablo ng mukha niya sa plaza sa harap ng simbahan ng Tondo. Masayahing tao si Ka Amado, laging nababanggit ng mga nakasalamuha niya. Hinahanap ko iyon, pero ang tumatampok sa kanyang mga obra ay lumbay at lungkot. Bakit?

Sa Tondo ko unang narinig ang pangalan ni Ka Amado, kay Tatang Ado na pinsang-buo ni Inang na ang pamilya'y nakikitira sa silong ng bahay namin sa Velasquez, Tondo. Nasa elementarya ako noon. Tuwing nadaraan kami sa Daang Juan Luna, itinuturo niya ang bahay, na mukhang apartment dahil dikit-dikit.

“Diyan nakatira si Amado Hernandez.”

Di ko matandaan ang aktuwal na itsura ng bahay dahil lumalakad ang sasakyan. O siguro’y hindi ko lang talaga kayang tandaan dahil wala iyong relasyon sa aking buhay dahil bata pa ako. Na malalaman kong hindi naman pala niya iyon talagang bahay kundi ang kanyang pinakaopisina at library na rin. Malalaman ko rin ang itsura noon. Bahay na itinayo noong bagong dating pa lamang ang mga Amerikano. Maraming mga antigong muwebles. Malaki pero magulo. Iisa lamang ang kuwarto kaya maluwag. May tatlong mesa. Nagkalat kung saan-saan ang libro. May nakapatong sa mga aparador at tokador. May mga nakasalansan sa mga mesa. Pati sa sahig ay nagkalat ang mga libro. Iyon ang trabahuhan ni Ka Amado. Malalaman ko rin na ayaw na ayaw ni Ka Amado na inaayos ang kanyang mga libro dahil nakakalimutan niya kung nasaan ang hinahanap. Natatandaan niya kung saan niya inilagay ang kanyang libro sakali’t kailangan niya iyong balikan. Isa ’yon sa malimit nilang pag-awayan ni Ka Atang. “Pakialamera,” sasabihin niya kapag inayos ang mga libro niya. “Ibalik mo nga sa dating ayos,”¹ na ang katumbas ay guluhin ulit. Dinadalhan lang siya roon ng pagkain ni Ka Atang.

“Manunulat ’yon. Maraming libro. Taga-Hagonoy ’yon.”

Halos magkakakilala ang lahat ng taga-Hagonoy sa Tondo. Ganoon ang magkakababayan, nagtutuntunan kapag nasa ibang lugar. Di ko tinanong kung gaano karaming libro. May mga libro rin akong iniuwi ni Amang, dahil gusto niya akong mahilig sa pagbabasa. Mas gusto ko sina Vic Morrow at Tarzan kaysa kuwento ng isang manunulat na kababayan ko. Iyon ba ang dahilan kung bakit laging sinasabi ni Tatang Ado na marami iyong libro? Para ako maging intresado kay Ka Amado? May isa pang kuwento si Tatang Ado.

“Tauhan niyan si Guillen. Iyong nag-itsa ng granada kay Roxas.”

Barbero raw ni Ka Amado si Guillen. Naimpluwensiyahan ng salita ni Ka Amado, tapos iyon ngang granada. Parang Combat ni Vic Morrow, maaksiyon. Iyon ang tumatak sa isip ko, granada na initsa sa isang presidente. Malay ko bang magiging manunulat ako at isusulat ko siya balang-araw, di sana’y tinandaan kong mabuti ang mga unang kuwentong narinig ko tungkol sa kanya.

Sa isang barbero din sa Sagada ko muling naengkuwentro ang pangalan ni Ka Amado. Umuwi kami ng Hagonoy mula Tondo. Binatilyong high school na ako noon. Nagpapagupit ako nang itanong ng barbero kung tagasaan ako. Bagong mukha ako sa kanya. Nagkukuwentuhan kami. Noon pa ma’y naniniwala na ako sa library. Magtatayo ako ng library ng bayan. Lagi ko iyong nasasambit, kahit sa barbero. Siguro iniisip niya,

“Alabaliw na bata. Kaagang nahibang.” Sa halip ang sabi nya,

“Tagasaan ka ba?”

Ngayon ko lang naisip, hindi siguro iyon ang talagang gusto niyang sabihin kundi,

“Kangino ka bang anak?” Na ang talagang diretsong gustong itanong ay,

“May sira ka bang bata ka?”

“Taga-Tondo.” Buong yabang kong sagot.

“May mga taga-Tondo rin dito.”

Maraming binanggit na pangalan, kasama si Amado Hernandez at si Honorio Lopez, iyong gumagawa ng kalendaryong Tagalog na may horoscope at sukat ng tubig para sa buong taon, ang natandaan ko. Apat na taon lang akong tumira ng Hagonoy, matapos noo’y bumalik ulit ako ng Maynila. At ngayon nga’y taga-Hagonoy na ulit ako. Pagbabalik sa Hagonoy, ang kasaysayan nito at si Ka Amado na ang hinahanap ko.

“Masayahing tao yan. Sikat,” Sabi ni nasirang Konsehal Jose Lopez Sr.

“Masiste. Pakumpas-kumpas pa kapag nagsasalita,” sang-ayon kay Andres Cristobal Cruz.²

“Masiste yan. Pilyo,” sabi naman ni Virgilio S. Almario.

Pero Kastila kung magmura. Manaka-naka’y napapapunyeta siya.³

Masaya nga. Nang binubuo ko na ang istorya, nang hinahanap ko na ang kanyang galak, hindi ko nakita, maliban sa ilang tulang tungkol sa sex na ang kanyang paghahambing ay masarap pa sa alak. May ilang tula din siyang *satire*, pero waring di napansing gaano ng mga nag-aaral sa kanyang panulaan. Ang karamihan ng naroo’y nanggigipuspos na dalita at lumbay, tulad ng sa isang namatayan ang lumbay ng isang mangingibig na nakikiusap kahit sulyap man lamang ng iniirrog. Maraming mga pagluluksa sa gabing mapanglaw, na naghahangad ng kamatayan dahil sa nabigong pagsinta. May mga tula rin ng marubdob na pag-ibig at matinding selos at mga pagnanasa. Malauna’y may mga tula at kuwento ng galit sa mga nagsasamantala sa maliit. Limang dekada ang sinakop ng kanyang panulat, wala ni isa man doon tungkol sa masayang buhay. Kung mayroon man, iyon ay ang idealisadong buhay sa mapayapa at masaganang bukid.

Sobrang drama sa madaling salita. Bakit? Paanong ang isang masayahing tao ay lumbay ang nakikita? Bakit? May dalawa bang buhay ang isang manunulat? Isang personal at isang pampubliko para sa konsumo ng mambabasa, na humihinging sa pagbabasa ay kailangang madulain din ang buhay ng isang manunulat? Mukhang may ganito ngang ekspektasyon. Sa *Sarilaysay*⁴ ni Rose Torres-Yu, mukhang ang mga sikat na manunulat ay iyon ngang mga inapi-api ng pamilya at tadhana. Maganda ang panulat ng isang taong niligalig ng lumbay at kung puwede’y inapi pa ng mga kaanak na nagtakwil sa kanya. Mas madrama kung nagpakamatay. Puwede rin kung nagtangka lamang. Mas kagalang-galang kung namundok. Kagalang-galang din kung

nakulong. Ang perpekto ay iyong anak-mahirap na matalino, nakisangkot at nakulong, at mas perpekto kung napatay sa pakikilaban. Kay hirap namang pamantayan para lamang sumikat. Malupit ang pamantayan sa panulat. Laging sinusukat ang halaga ng naisulat, ng makabayang panulat, na sa dulo'y hindi na ang isinulat kundi ang buhay ng sumulat ang mas mahalaga. Parang sa kasalukuyan din. Bago tingnan ang isang akda'y inaalang muna kung saang paksiyon makiling ang nagsulat, iyon ay bago pa man buksan ang libro. Kung ika'y nasa kabila, hindi ka babasahin ng hindi tagakabila. Kung ika'y malabo, malabo ka ring basahin ng hindi mo kapuwa. Kung ikaw ay walang pakialam, wala rin pakialam ang nakikialam. Hinahanap ang degree ng komitment at timbang ng personal na drama. Paano ngayon ang mga manunulat na walang unhappy childhood? Mag-iimbento ng lumbay at lungkot para lamang mapansin ng mambabasa? O.A. ba ito? Si Pedro Bukaneg ay bulag na pangit na ipinaanod sa ilog sa isang tampipi hanggang nasagip ng isang babae, bago niya naisulat (daw) ang *Biag Ti Lam-ang*.⁵ Si Balagtas ay nakulong dahil sa pag-ibig. Si Del Pilar na anak-mayaman ay namumulot ng upos ng sigarilyo sa Hong Kong. Si Rizal, ang pinakamahusay ay ang pinakamadrama rin, pinabari ng mga pikon dahil sa pagsusulat, gayong kakaunti lang naman ang marunong magsulat at magbasa ng Kastila sa Pilipinas kahit noon. Bukod pa sa hindi raw naman talaga mahusay mag-Kastila si Rizal. Si Aurelio Tolentino'y ikinulong ng mga Amerikano, dugo rin ang ipinampirma niya sa Konstitusyong Malolos. Si Eman Lacaba'y napatay sa kabundukan. Si Bienvenido Lumbera'y walang medyas, kaya nang nagkapera'y nangolekta ng medyas. Si Ricky Lee ay minaltrato ng tiyahin (na itinatangi ng tiya niya). Si Rene O. Villanueva ay walang bahay at kagalit ng ama. (Kukuha naman daw ng isang manunulat ang ina ni Rene para isulat ang talagang totoo). Si Eugene Evasco'y pinagtrabaho sa poultry ng lolo niya. Si Fanny Garcia'y anak-mahirap, si Joi Barrios ay nagtangkang magpakamatay, etc, etc. Kailangan pa bang basahin ang kanilang mga akda, kung ang buhay pa lamang ay tulad na ng isang sa *Anak ng Dalita*? Nasaan ang mga burgis na manunulat sa kasaysayan? Nirereimbento pa ang kanilang childhood para mapansin o kaya'y naghahanap ng kilusang sasamahan?

Pero kung kakausapin ang mga manunulat, hindi naman sila mukhang malungkot. Makinig ka kay Joi Barrios, na kahit rebolusyon ang sinasabi'y hahagapka ka. Si Fanny Garcia ay bungisngis na tulad ng isang bata. Si Lualhati Bautista ay biglang hahagapka dahil may naalalang isang masayang bagay, saka pa lamang ikukuwento kung ano yon. Si Ricky Lee, na saksakan ng *witty* at dahil sa sandamakmak na one-liner, ay para kang nasa isang *gag show* na tawa nang tawa. Kahit si Teo Antonio na nanginginig pa ang boses kapag tumutula'y naghahalo ang tawa at salita. Si Rogelio Ordoñez na nag-aapoy ang mga akda, ay yumuyugyog ang balikat katatawa sa sariling patawa, lalo na't ang paksa niya'y *Ang Mundo Sang-ayon sa Tarugo*. E lalo na ang nasirang Pete Daroy, na *accent* pa lang ay nakakatawa na, wala pa ang mga komentaryo niyang tiyak na hindi sagrado at punong-puno ng *irony*.

Ganoon din si Ka Amado, masiste sa totoong buhay pero seryoso ang mga pakay sa pagsusulat. May mga ilang naisulat na masisteng tula si Ka Amado na sa tingin ko'y nasa lebel ng *satire*, pero waring iyo'y nilalagpasan lamang ng mga kritiko. Wala pa akong nabasa na tumalakay doon. Siguro'y ibang pag-aaral pa iyon. Mas gustong tandaan/markahan ng mga kritiko si Ka Amado bilang isang makata ng bayan, na gusto rin naman ni Ka Amado, ibig sabih'y seryosong-seryoso, sapagkat komited.

Ang nabanggit na obserbasyon, kung gayon, ay dapat ding hanapan ng paliwanag. Saan nagbubukal ang galak at lumbay ng isang manunulat? Saan tradisyon iyon uugatin? Saan nagmumula ang galak? Ang lumbay? Hindi sapat na basta sabihin lamang na nasa tradisyon natin iyon. Hindi *a priori* ang pagpapaliwanag sa kultura. May basehan iyong mapag-uugatan, mapag-aangklahan.

Ang pag-uugat sa tradisyon ay isa ring pag-aaral sa kasaysayan. Sa tradisyon, ang ibig lang sabihin, sa simpleng konotasyon nito'y ang pag-uulit-ulit ng isang praktikang pangkultura. Ang bawat pag-uulit ay isang transpormasyon, sapagkat walang purong kultura. Tulad rin ng teknolohiya, nagaganap ang mga panghihiram at apropiasyon sa pag-uugnay ng iba't ibang kultura. Kaya ang isang sinaunang tradisyon ay maaaring magsanga-sanga. May napuputol, may nagtutuloy, pero laging nakasunod sa pangangailangan ng panahon. At muli nating binabalikan ang ugat, kung ano ang nangyari sa masisteng makata?

* * *

HANGGANG NGAYON, KAPAG sinabing “Bulakenyo ako,” ang agad ipapakli ng kausap ay, “Di makata ka?” Saka idadagdag/gagayahin ang punto “Ay taga- Calumpit, na ang boses ay naiipit.” Paano kung ang sinasabing pagiging matulain ng taga-Bulakan ay isang tradisyon pala ng isang angkan, na nang lumawak ay naging lipi, at siyang naging sambayanan daw? Ang tula sa Bisaya ay tinatawag na *balak*. Ang tula sa Iloko ay tinatawag namang *daniw*, *rawit-dawit* naman sa Bicol. May tula na sa Pilipinas tulad rin na may tula ang lahat ng lipunan mula pa sa simula. May mga manunulat at tula na may iba-ibang katawagan, sang-ayon sa mga tala ng mga unang chronicler tulad nina Ignacio Alcina sa Bisaya at sina Pedro Chirino at Juan de Placencia sa Tagalog.

Iisa lang ang Bulakan na inabutan ng mga Espanyol. Ang pamayanan ng mga tagailog, na gagawing Bulacan ng kolonisador ay ang mga pamayanan sa paligid o malapit sa Manila Bay. Tulad ng Meycauan, Bulacan, Hagonoy, Malolos, Paombong at Calumpit. Ang mga pamayanang ito ay nasasakop ni Lakandula.⁶ Ang iba pang Tagalog ay nasa ibaba naman ng Ilog Pasig. Ang sundan natin ay ang nasa Lawa ng Maynila at iyong papasok sa Ilog Pampanga. Ang kasalukuyang Bulacan ay produkto na ng administrasyong politiko-militar ng Espanyol, isang bawndering politikal na dumedepende sa pangangailangan sa produksiyong pangkabuhayan tulad ng mga

taniman ng palay o kaya'y mga bakahan para sa pangangailangan ng lumalaking populasyon ng Maynila. Kahit ang Baliwag, ay hindi sakop ng Bulacan, kundi ng Pampanga.⁷ Nang dumating ang mga Espanyol, isang konseho ng matatanda ang kumausap sa mga Espanyol. Sila'y sina Lakandula, Salalila, Marlanaway, at si Raha Matanda.⁸ Magkakamag-anak sila. Hindi humarap ang isa pang kamag-anak, si Raha Soliman ng Maynila (Intramuros).

Limitahan pa natin ang usapan sa angkan ni Lakandula, na pinsan ni Salalila at pamangkin ni Raha Matanda. Bilang isa sa pinuno ng angkan, si Lakandula rin ang nakasasakop/nagmamay-ari ng mga lupain ng Tondo, Hagonoy, at San Nicolas, na Bangus ang matandang pangalan. Sinasabing naging pag-aari dati ni Magat Salamat, anak ni Lakandula, ang Hagonoy; bagama't wala pang pruweba na tumigil nga siya sa nasabing lugar.

Ang sakop ay nangangahulugan din ng samahan ng magkakamag-anak at ng kinikilalang pinuno. Ayon sa Records Management and Archives Office (RMAO), may mga papeles tungkol sa Hagonoy tulad ng mga testimonya nina Fernando Malang Balagtas (FMB) at Fernando Panganiban (FP), na nagsasabing ang may-ari ay mga pamangkin nina Lakandula at Soliman.⁹

* * *

BALIKAN NATIN ANG unang alam nating makata ng angkan, si Lakandula; siya na ang pangalan ay *Lakan ng Dula*, ang pinakamataas at ang pinakamahusay na mandudula. Iba ang dula noon sa dulang alam natin ngayon. Ang dula ay isang ritwal na may kasamang tula at *awit*. Hindi rin kanta ang awit, *chant* ito sa Ingles. Ang lahat ng ito ay gawain ng isang lakan sa dula. Ang mang-aawit ay gumagawa ng awit. Ang mandudula ay gumagawa ng dula. Paanong ang makata ay gumagawa ng tula? May dalawang pakahulugan ang salitang makata. Ang una'y baka raw galing sa salitang makatha. Kaya ang makata ay makatha. Sa Tagalog, ang katha/likha ay ginamit na kasingkahulugan ng *larawan* (hindi litrato), na ang kahulugan ay paggawa ng isang anito (*carving*).¹⁰ Pero ang makata ay puwede ring isang katangian/*adjective* ng isang tao. Ang taong makata ay taong maraming salita. Tulad ng kata nang kata, na ang kahulugan ay salita nang salita. Sa panahong iyon, ang pagtatanghal (*entertainment*) ay gawain ng mga taong bibo na may kakayahang bigyang-buhay ang alinmang harapan. Katulad ng ginagawa ng nagpuputong (akto ng pagpaparangal) sa reyna ng bayan, ang lakambini sa balagtas at maging ang hari sa dupluhang, *paruparo ng hari*, *lumipad dumapo* sa isang bulaklak. Kung gayon, mahalagang maging bibo nga ang makata sapagkat *entertainer* siya, at may kakayahang maglaro ng salita kung saan nakasalalay ang sigla at buhay ng harapan. Mula noong panahong oral ang literatura hanggang sa panahon ng simula ng print sa bansa, hanggang bago magpanahon ng Hapon, sikat na sikat ang isang makata. Sa ganitong parametro, nagkakaroon ng kahulugan ang pangalan ni Lakandula, lalo

na't isasaalang-alang na ang katangian ng isang tao noong araw ay hindi lamang isang bansag kundi isa na ring pangalan. Samakatwid, masasabing isang *total performer* si Lakandula. *Versatile*, wika nga sa Ingles. Pansining ang katangiang ito ni Lakandula ay makikita pa rin sa panahon ng print, kahit ang manunulat ay hindi na hinihinging maging *performer*, lalo na sa higit na mahuhusay na manunulat sa Tagalog. Ang pagpapalit-palit ng *literary genre* ay isang bagay na madaling gawin para sa kanila. Ang katangian ng *versatility* ay makikita kina: Francisco Balagtas, na nagsulat ng tula at dula; Jose P. Rizal na nagsulat ng tula, dula, sanaysay, nobela, at iba pa; Marcelo H. del Pilar, na nagsulat ng sanaysay at tula; Amado V. Hernandez, na nagsulat ng tula, kuwento, dula at nobela; Jose Corazon de Jesus, na hindi lang tumula kundi kumanta pa at umarte sa pelikula; Rogelio Sikat na nagsulat ng dula, tula, kuwento, sanaysay, at nobela; at marami pang sumunod sa kanila. Sa kontemporaneong panahon, ang isang makata ay kritiko na rin at iskolar. Sa madaling sabi, *multitalented* ang makata noon, na nagmu-*multitasking* din, at sa ngayo'y malay sa halaga ng *multimedia*. Si Jess Santiago ay kumakanta, tumutula, at nagpipinta. Si Heber Bartolome ay makata, pintor, at manganganta. Maraming-marami sila.

Hindi rin *derogatory* ang pagiging makata. Ang gamit nito'y kabahagi ng isa pang nawalay na tradisyon, ang *karos* o siste ng mga taga-Hagonoy.

Ang makata ay masiste, mapagpatawa. Ang siste ay galing sa *chiste* ng Espanyol. Ano ang katawagan sa katutubong siste? Saan na iyon napunta? Naririyang pa rin iyon, tulad ng pagiging alaskador ni Rio Alma, ng awtor nito, o ng marami sa atin halimbawa. Makikita iyon sa mga patawa natin kahit sa kabila ng krisis. Pinagtawanan natin noon ang *Marcos jokes*, sa EDSA 1, sa pinaglaruang *hindi ka nag-iisa, pinagkaisahan ka na, nag-iisa ka na, isa ka pa* etc., etc. Nasa mga unang kanta sa lansangan din iyon ng mga aktibista noong mga huling taon ng dekada sienta, tulad ng *Si Imelda kung umihi, kinakalabit-kalabit pa nang konti ... Si Marcos ay tae sa tabi ng poste, inyong-inyo na*, at ang *May Pulis sa Ilalim ng Tulay*. Naroroon din iyon sa EDSA 2 nang pagtripan ang Ingles ni Joseph Estrada, o ang *Erap Jokes*. Sa kasalukuya'y naririyang ang mga Gloria at Garci Jokes. May mga *political jokes* din tayo na naka-save sa ating mga cell phone. Hindi ba ganito rin ang mga banat na ginamit ni Del Pilar sa *Dasalan at Tocsohan*,¹¹ ni Rizal sa *Noli*¹² at *Fili*,¹³ at Lopez Jaena sa *Fray Botod*.¹⁴ Masiste silang lahat. Kung iuurong pa ang pag-aaral, makikita pa rin iyon sa mga kantahing-bayan na nakaligtas sa sensura ng mga Espanyol, katulad ng madalas sambitin ni Lumbera sa marami niyang *public lecture*. Tulad ng hindi katandaang:

*Tsitsiritsit alibangbang
salaginto salagubang
ang dalaga sa lansangan
kung gumiri'y parang tandang.*

*Paruparong bukid
na lilipad-lipad
sa tabi ng daan
papagapagaspas*

*O ang paruparong bukid, na
haharap sa altar at mananalamín
at saka lalakad nang pakendeng-kendeng.*

Halimbawa ito ng siste o pang-aalaska. Sa una’y ang dalaga, na sa tradisyon ay hinihinging maging mahinhin at dapat ay nasa bahay, pero sa kung anong dahilan ay nasa lansangan at kung pumorma’y machong-macho. Kabaligtaran naman ito ng paruparong bukid. Sa kung anong dahilan ay wala rin ito sa loob ng bahay, bagkus ay buong kaarteahan itong “namamasyal”/ nag-e-enjoysa tabi ng dagat. Kung umuwi naman ng bahay, ang paruparong bukid ay magdarasal muna pagkatapos ay magpapaganda sa harap ng salamin. Matapos humiling ng kung ano, at matapos matiyak na siya’y kaaya-aya na, buong kumpiyansang maglalakad siya, ala-*beauty queen*.

Sino ang nang-aalaska? Sinong inaalaska? Ang dalagang tandang ay dalaga nga ba? O ang paruparong ke sa bukid pa o kung saan ay laging *masculine* dahil lang siya ay dumadapo sa bulaklak (*feminine*) at sumisipsip ng nektar. Palagay ko’y hindi dalaga ang paruparong bukid.

Sa Hagonoy ay may isa pang natitirang dalit, na alanganing karos at sagrado.

*Ang dalaga kung magpusod
pinapagkabilog-bilog
kaya pala binibilog
sa binata’y pampalibog* (sa mahinang salita, na ang pakahuluga’y irog)

Saka idudugtong ang seryosong

*Sa Dios natin ialay
kaluluwa ng namatay
patawarin, kaawaan
sa nagawang kasalanan.*

Kung may irony sa gender sa naunang kanta, mayroon din dito, ang sagrado at ang *sacreligious*. Ang dalit na ito’y para sa patay. Sagrado ang patay at sagrado rin ang relihiyon. Ang hindi sagrado ay ang nagdiriwang. Puwedeng transisyon ang libog sa pagliligtas ng kaluluwa ng namatay.

Isasama pa natin ang isa sa maraming bersiyon ng *Santa Clara pinong-pino*, na humihingi ng:

... ako po ay bigyan 'nyo
ng asawang labintatlo,
sa gulpi'y walang reklamo,

at ang koda nitong

ang sabi ng iba masarap ang mani
ang sabi ko naman kumporme sa mani
may mani-manian, may tunay na mani
ang gusto kong mani, ay babad sa ihi.

Puwede rin iyong tubo, monay, etc., etc. Samakatwid, wala pa man ang salitang siste at satire ay naririyang na ang katangiang maging *witty*/alaskador ng isang akdang-bayan. Ano ngayon ang orihinal na termino nito sa mga Tagalog? Tiyak na hindi mga Espanyol ang may dala nito. Gawi na ito ng mga ninuno bago pa man tayo maging “Filipino.” Hindi rin ito makikita sa mga Tagalog lamang. Tudyuhan ito sa Batangas. Makikita rin ito sa pamayanan ng mga tatawaging Austronesians ni Solheim.¹⁵ Sa Hagonoy, sa bayang pinagmulan ni Ka Amado ay buhay pa ang katutubong katawagan sa siste o karos. Ang taong makaros ay mapagpatawa kung magsalita. Malapit ito sa masiste at malapit na malapit sa makata. May *wit* at irony ang kanyang pananalita. Ang karos ay sa pagsasalita. Ang harot ay sa pagkilos. Isang halimbawa nito’y ang *Mga Kwentong Tana* sa Hagonoy. Si Tana ay isang mitikal na tauhang kilala at paborito ng lahat dahil sa kanyang mumunting pakikipagsapalaran. Kahit saang gusot siya mapasok, buong saya niya iyong nalulusutan. Ang kanyang argumento ay laging nagbubunga ng katatawanan. Walang totoong Tana. Pero lahat ay mayroong kuwentong Tana, na narinig sa iba o kaya’y gawa-gawa ng makakaros ng bayan. Si Tana ay baryasyon nina Juan Pusong at Pilandok.

Ang suhestiyon na ang *jataka* ay maaaring naging popular minsan sa Daigdig ng mga Malay ay kompirmado hindi lamang sa mga retablo ng Borobudur, kungdi maging sa alingawngaw ng mga folklore at literatura sa panahon ng Islam (sa siklo ng mga kuwento-kuwento tungkol sa mouse-deer, Pilandok, at sa ilang naisulat na may katangiang historical at fiksyunal ...¹⁶

Maikakawing din ang tradisyong ito kay Juan Tamad. Silang lahat ay tulad rin ng tula na may iba’t ibang katawagan sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

Mahalaga itong linawin sapagkat ito, sa palagay ko, ang isang halimbawa ng katutubo o nuno ng *satire* at siste sa bersiyong Hagonoy. Iba ang kahingian sa literaturang oral sa literaturang print. Sa oral, ang makata, at sambayanan ay magkakarap. Kagyat ang mga interaksyon. Kaya mahalagang maging bibo. Iba sa print, may distansiya ang manunulat at mambabasa. Hinihingi rin ang edukasyon sa

isang manunulat ng isang mambabasa. Kumbaga’y may ekspektasyon agad sa isang manunulat. Sapagkat ang panulat sa simula ay nakakawing sa pangangailangan ng simbahan. Kung gayo’y inaasahan itong maging seryoso. Sapagkat nawaglit na ang tradisyong ito, ang makata at manunulat ay naging dalawa. Maaaring makaros siya sa personal, pero laging seryoso ang layon at paksa ng kanyang panulat pampubliko, sa print. Dahil ipinagpalagay na ang makatang makaros ay hindi seryoso, ang kanyang akda ay tinaguriang balbal, na ang ibig sabih’y hindi nagsasabi ng totoo, o kaya’y krudo ang pamamaraan ng gamit ng salita lalo na sa panahong ang magandang tula ay mas sinusukat ang katulaan sa kinis at husay sa gamit ng wika at hindi sa katuturan ng salita. Ganito ang puna sa mga tula ni Pete Lacaba at mga kuwento ni Jun Cruz Reyes, na parehong simple ang mga salita sa pang-aalaska sa poder (*power*). Nakaligtaan na ring balikan ang tradisyon nina Del Pilar, Lopez Jaena, Rizal at kahit ni Bonifacio sa tula niyang ang mga *Sakadores* (ang tagakuha ng tong; na pinaglaruang *cazadores* o sundalong *trouble shooter*, na kapag nagreyd ay mga manok ang kinukuha.)

Ang mga makaros na akdang makabayan ay pinalitan ng mga akdang makabayan pa rin o kaya’y may kamalayang panlipunan pa rin, pero naging melodramatiko tulad ng inumpisahan ng *Banaag at Sikat* ¹⁷ ni Lope K. Santos. Hanggang sa kasalukuyan, totoo rin sa mga kanta, tula, at dula, na ang mga akdang itinatuturing na mataas ang kalidad ay iyong may mga paksang kahabag-kabag, na kaiyak-iyak na’y kalunos-lunos pa. Mga dramang dinadrama pa. Mga akdang nakakaalta presyon sa bigat sa dibdib. Mga bidang hindi marunong ngumiti, tulad rin nina Darna at Captain Barbell. Lagi lamang silang nag-iisip sa ipagtatagumpay ng dakilang mithiin, ano man iyon. Lagi rin silang may malinis na layunin. At ang mga iyon ang panata nila sa pagbabago ng lipunan. Romantisista ang tawag natin dito, kaliwa man o kanang romantisista. Sa kaliwa, ang bida sa wakas ng istorya’y sasama sa rali o kaya’y mamumundok. Kung hindi, madi-*diciplinary action* siya. Pag hindi pa rin, ii-*alienate* siya. Sa kanan, ang bida’y magbabalik-loob sa panginoon at magsisisi. Mamamatay o mababaliw o maghihirap ang ayaw magsisi. Kung hindi pa rin, mapupunta siya sa impierno. Basta ang bida ay walang dungis ni mali dahil puro at dalisay.

Kaya si Ka Amado ay isinalang na rin sa ganitong pamamaraan ng pagsusuri. Kaya ang pinag-aaralan/pinagtutuunan ng pansin ay ang mga tula niyang makabayan at progresibo. Dahil ang pagiging masiste/makaros ay palatandaan ng kakulangan sa pagiging seryoso, ang katutubong galak ay naging bahagi na lamang ng personal na buhay at hindi ng kanyang makabayang akda. Pero bago natin makalimutan, mahalaga ring balikan ang ilang *satire* na tulang ginawa ni Ka Amado na tinipon niya sa kanyang *Isang Dipang Langit* (1973),¹⁸ na hindi pa ganap na napagtutuunan ng pansin ng mga kritiko.

Isang halimbawa nito’y ang *Fashion Show*, na sisteng medyo kontra-feminista, na natatakot maging moderno ang mga dalagang Pilipina. Kung sa *Sitsiritsit* ay parang tandang ang babae/binalaki na gumigiri at sa *Paruparong Bukid* ay

pakendeng-kendeng, ito naman ang bersiyon ni Ka Amado. Nang minsang makapanood ng *fashion show*, ang babae'y itinulad niya sa isang maryakaprang pumapagaspas, isang ibon ito na malikot ang buntot kaya mahirap asintahin ng mga gustong umasinta dito. Hindi rin nagustuhan ni Ka Amado ang bathing suit na bagama't sexy, (hubog *Coca-Cola*), ay itinulad naman niya sa turumpong kangkarot ang may suot.

Sa tulang *Menu*, isang babaeng pagkaganda-gandang puno ng alahas ang pumasok. Sa pagkakataong iyon, nag-iinuman ang isang makata at isang bangkero. Ang sabi ng makata:

... "A iyan ang alak,
na ilan mang galo'y aking malalagok!"

Pero para sa bangkero:

... "Iyong sarilihin
ang kanyang alindog; sa aki'y itira
ang mga alahas na nakaduduling ..."
Karikta'y nalingon sa kanilang tawa.

Heto pa ang isang masisteng tula ni Ka Amado tungkol sa ugali ng mga babae. Mahaba ang pamagat, madiskurso, pero ganito lang iyon:

*Kung Sino ang Unang Gumambala
kay Eba: Ang Kuto o ang Diablo*

Si Eba, bago
Nipot ang Diablo
Upang manukso,
Nagihinguto
Sa Paraiso.

Samantala sa *Kasaysayan ng Isang Pag-ibig*,

Isang kalapating alagang santaon
ang pinapaghatid ng liham ng puso;
lumipad nang tuwid ang maamong ibon,
sa kamay ng mutya'y payapang dumapo ...
Liham ay ginawang parikit ng apoy
At ang kalapati'y dagling iniluto.

Aray. Pag nagalit ang sinisinta pati alaga'y puwedeng itusta. Sino rin ang may sabing itinatago pati ang mga masamang *love letter*? Manigas ka.

Parang isang linggong pag-ibig ni Imelda Papin naman ang *Luma at Bagong Kabihasnan*:

I

Apat-limang taong nagsilbing alipin
sa buong mag-anak ng dalagang giliw ...

* * *

Ikatlong taon na nang unang mahipo
ang tatlong daliri ng pinipintuho ...

* * *

Ikapitong taon ay nag-isang-buhay:
Nagkasampung anak, apo'y isang kawan.

II

Sabado. Nagtagpo sa Manila Hotel,
halik ay tinunggang kahalo ng "cocktail" ...

* * *

Lunes. Maligayang lumipad ng Hong Kong,
dagling napakasal at nag-"honeymoon" ...

* * *

Linggo. Naghiwalay nang kapwa masaya,
babai'y sa Reno nagtungong mag-isa.

Kaya lang dito'y *happy ending*. Kumbaga'y sex lang talaga.

Tula ng pag-asam (*wishful thinking*) naman ang *Ang Buto ng Atis*:

... "At ang punong atis paglaki'y namunga,
bunga'y sa palengke agad kong dadalhin;
ang mapagbibilhan" anyang nakatawa,
"ay ibibili ko ng hikaw at singsing."

Mas pang biruan ito ng ordinaryong mga tao, tulad ng kuwentong Tana ng mga taga-Hagonoy. Kung sa text ito lumabas, ito iyong sinasagot ng hehehe:

... Pagalit ang inang sinugod ang anak,
kasabay ang batang kinurot sa singit:
"Ipagpahiraman ang iyong alahas
at nang putukan ka sa akin ng lintik!"

Tungkol naman sa tapat na pagkakaibigan ang tulang *Ang Bilin ng Lobo*. Dalawang magkaibigan ang mamamaril sa gubat nang may natanaw silang *isang lobong sumisibad*. Agad na iniwan ng isang mamamaril ang kanyang kasama at *umakyat sa punong simbilis ng matsing*. Ang naiwan na nagpatay-patayan ay nilapitan ng lobo at binulungan bago ito umalis.

... Sa puno'y bumabang hintakot ang matsing,
sa nabuhay uli'y nagtanong kaagad:
"Si Lobo ay ano ang iniwang bilin?"
"Lumayo raw ako sa katotong duwag!"

Himutok ng baboy sa kawalan ng pagkakapantay-pantay ang laman ng *Ang Baboy At Ang Punong Mangga*. O kung bakit mas masuwerte ang mangga na may karapatang mabuhay habambuhay. Para na ring sinasabi ni Ka Amado, na sa buhay ay normal lang ang hindi pagkakapantay-pantay. Hindi niya kaya itong iproblematays?

Bagama't ang mga tulang ito'y kakaiba sa panulaang tatak Ka Amado, iyong may kamalayang panlipunan, pansining ang ilan dito'y isinulat niya sa loob ng iba't ibang kulungan. Sa isang romantisistang makabayan, ipinagpapalagay na puro seryosong tema lang ang isinulat ni Ka Amado sa loob ng kulungan. Hindi ang mga ito'y puno ng karos o siste.

* * *

AT PAKUMPAS-KUMPAS MAGSALITA si Ka Amado. Pilyo at masiste. Maidaragdag nating makaros din. Sapagkat ang makata ay makaros. Kaya nga siya naging makata, kasi'y kaya niyang paglaruan ang mga salita. Wala tayong alam na tula ni Lakandula, pero ang tradisyong hindi niya pinasimulan kundi ibinansag lamang sa kanya ay maaari pa ring mabakas sa kasalukuyan. Ang isang naging apo niya sa pinsan ay isang Gatdula. Si Gatdula at kapatid nitong si Dumandan ang nagpundar ng Hagonoy para sa Kastila. Ang Hagonoy ang bayan ng ama ni Hernandez. Mas mababa ba ang gat sa lakan? Saan nanggaling ang salitang Gat. Alam nating may raha, datu, at kaharian na sa Kamaynilaan. Mga termino itong ang ugat ay Hindu. Sa mga bansang "Malay" ay walang salitang Gat pero may salitang *bhat* sa India. Mga kuwentista sila ng epiko at *bards*, na kung minsa'y naglilingkod sa *royal court* kung saan;

Sa lahat ng mga relihiyoso at quasi na pagtitipong relihiyoso at mga kapistahan, sa mga kasalan, *shraddhas* at mga seryosong asamblea, na sa kinaugalian [...] ay bumibigkas ng mahahabang berso sa pagpuri sa nag-imbita (sa kanya), sa kanyang mga ninuno, sa kanyang caste at sa kanyang bayan.¹⁹

May ganito tayong tradisyon sa pagtula, tinatawag itong *pagpuputong*. Dito, ang makata ay halos nambobolang pinupuring mainam ang pinuputungan na mas malimit ay isang reyna ng okasyon o isang malaking tao sa harapan. Sa balagtasang din ay may tinatawag na lakandiwa kung lalaki at lakambini kung babae, na siyang *wise man* na namamagitan sa dalawang nagtatalo nang patula. Si Ka Amado ay isang mamumutong noong nag-uumpisa pa lamang. Marami rin siyang tinulaang malalaking tao na nasa anyo ng pagpuputong. Kanino niya ito namana at ng marami pa nating makata? Kung ang Gat ay nanggaling sa Bhat, tradisyon iyon na galing pa sa mga Lakan at Gat, kina Lakandula at Gatdula.

Pero may iba pang gat bukod kay Gatdula. Basta sa simula, dahil sila'y mga mersenaryo ng mga Espanyol, sila'y mga tagapuri lang sa gawain ng mga bagong amo?

At sa kanilang lupain manggagaling balang-araw ang kontender sa titulong *Hari ng Balagtas*, na tinagurian ding *Makata ng Bayan*. Dalawang bansag ang mga iyon na inilaan para kay Amado V. Hernandez, na nagbubukas ng isa pang problema. Kung may nahihigang na tayo sa kung ano ang makata, ano ang bayan sa pasimula nitong anyo?

* * *

SAAN NGAYON NANGGALING ang lumbay ng isang makata? Talaga bang mahilig sa malakundimang tema ang ating mga makata? Tulad rin ng siste/karos, hindi rin siguro tamang sabihing namana iyon sa mga Kastila, o kaya'y reaksiyon iyon sa panunupil at pang-aapi nitong huli, na naging kumbenyente nang pagpapaliwanag sa tradisyong ito. Kung may galak ay may lumbay din (*comedy* at *tragedy*) ang isang tao/makata. Bahagi rin iyon ng isang tradisyong nagsanga-sanga. Ang pag-ugat dito ay higit pa sa paghahanap ng simula ng kundiman, na may dalawa raw na posibleng kahulugan, isang galing sa kulay at ang isa'y sa pinaikling pakiusap na *kung hindi naman*.

Nang binansagang romantisista si Ka Amado, ang isang basehan ay ang mga tula niya sa pag-ibig, na katangian pa rin naman ng maraming tula sa pag-ibig noon at ngayon. Nanggigipuspos iyon ng lumbay. Sa lumbay, ang ibig sabihin lamang noon ay ang gamit ng mga talamak na imahen ng puntod/libingan, kaluluwa/paraluman, ulila, kamatayan, kandila, luha, at iba pa. Mga *psychological* na lumbay ito ng isang bigo, pero dahil paulit-ulit hanggang naging *cliché*, nagiging lumbay na kultural na rin ito, kolektibong lumbay ng sambayanan.

Kung ibinabadya nito ang gamit ng mga konseptong pampatay, maaari nating halughugin ang mismong konseptong. Hanggang ngayon, ginagamit pa rin ng matatanda sa Cavite ang salitang *paraluman*, na ang kahulugan ay *compass* na

gamit sa paglalayag.²⁰ Sa librong *Barangay*²¹ ni Scott, itinala niya ang salitang *burulan*, pero hindi naipaliwanag ang posibleng implikasyon nito. Ito ang lugar ng makinista sa kontemporaneong bangkang de-motor, pero noong araw na de-sagwan ang bangka, ito ang lugar ng tagakumpas ng sabayang pagsagwan sa bangka. Ito ang lugar na inuupuan ng datu. Suwerte ang sinumang paupuin ng datu roon dahil malamang na siya ang pinapaboran ng datu na papalit sa kanya balang-araw. Sa kasalukuyang panahon, ang burulan ay bakas ng sugpungan ng sanga at puno sa lunas (pinakasahig ng bangka). Parang mapang bilog iyon, na ang signipikasyon sa mga mangingisda ay malas o kamatayan. Iniiwasang bilhin/ariin ang bangkang may ganoon palatandaan. Pansinin na ang salitang paraluman at burulan ay mga konseptong kaakibat ng paglalayag.

Maaaring ugatin ang simbolismo ng bangka mula pa sa panahon ng magico-religious complex ng Dongson bronze, kung hindi man sa neolithic epoch, nanatili ito hanggang sa kasalukuyang panahon sa maraming tao sa Arkipelago na hindi naabot ng Islamisasyon.²²

Idagdag pa natin ang halaga ng bangang panlibing ng Manunggul (Manunggul Jar). Ang takip nito'y may namamangkang dalawang anito. May dalang mga paniniwala at ritwal ang mga ninuno nating Austronesian nang mag-umpisa silang maglayag hanggang lumaganap ang lahing ito sa bahaging ito ng mundo.²³ Pansinin na ang awit sa paggawa ng mga Tagalog ay tinatawag na *soliranin* (problema). Bakit problema ang pamamangka/paglalagalag? Dahil walang katiyakan ang pupuntahan? Dahil sa hirap na dinaranas ng mga manlalakbay? Dahil maaari silang mapahamak sa kalikasan o maubos ang baon nilang probisyon? Suliranin nga, kung gayon. Ano ang kanilang kaalaman? Ano ang mga dala nilang gamit?

Ang alam nating paraluman ay ang artistang si Paraluman, na binanggit ni Ely Buendia, sa kanyang “Kamukha mo si Paraluman,” sa kantang *Ang Huling El Bimbo*.²⁴ Ang alam naman nating burulan ay ang lugar na pinaglalagyan sa patay sa ngayon. Maging ito man ay may sinasabi rin. Pinararangya ang bahagi ng bahay na siyang paglalagyan ng ataol. May *chandelier* sa magkabilang dulo ng ataol, may pelus na kurtina sa likod ng ataol na may *canopy* pa, may carpet sa kinalalagyan ng ataol. Totoo ang ganitong itsura kahit mahirap lamang ang pinaglalamay. Kahit minsan lang, magbubuhay-mayaman ang patay. Espesyal na okasyon ang kamatayan. Ipinagdiriwang iyon. Masayang mamatay ang isang Pilipino. Maliban sa ilang nagluluksa sa malapit sa ataol, ang lahat ay nagsasaya. Nililibang ang mga naulila. Sa labas ng bahay ay may “party” na nagaganap. Nagkakatuwaan ang mga kabataan sa paglalaro ng *ibon ng hari*, *lumipad dumapo*, na ang parusa'y pagpapakanta. Sinaunang “Malay” din ang porma ng tulang hinahanap ng hari. Sa mga gilid-gilid ay may nag-iinuman. Sa harap ng bahay ay may pasugal. Sa araw ng libing ay may *video coverage* pa. Nililibang ng nakikiramay ang mga naulila.

Sa araw ng libing, kailangang present ang lahat ng nagmamahal sa namatay. Kailangang naroroon ang buong myembro ng pamilya. Bibinbinin ang paglilibing kung may nasa malayo na dapat hintayin. Present din ang mga kapitbahay at kabarangay. Present din ang mga kaeskuwela ng anak, kaopisina ng asawa, angkan ng mga binayaw/hinipag at binyenan. Basta sa dulo ng pagsusuma, marami bang nakipaglibing?

Sa lahat ng ritwal sa bansa, ang sa patay lamang ang hindi *divisive*. Hindi pinagtatalunan ang relihiyon. Hindi sinusuma kung mayaman o mahirap. Kahit kalaban ay iginagalang, hindi nagsasalita nang malabis. Legal ang sugal. Napagbibigyan ang ingay ng kapitbahay. Hinihinaan maging ang mga radyo ng mga sasakyang nakakasalubong sa kalsada sa araw ng paglilibing. Natitiis din ang *traffic* at init. Obligado ring umambag ang lahat ng malapit sa namatayan. Mahal natin ang patay. Ayaw ng mga katutubo na pinapatay ang kanilang pinuno tulad ng laman ng mga epiko, ni Kristo, ni Rizal, ni Ninoy Aquino, Rolando Olalia, Lean Alejandro, at marami pang iba. Ang patay ay isang simbulong kultural. Kaya nga wala ring Pilipinong may mahal sa buhay na nasa impiyerno. Itanong mo pa kahit kangino, ang mahal nati'y nasa langit. Kung wala, makukuha iyon ng pamisa, dasal, at tirik ng kandila.

Napansin din ito ng mga *chronicler* tulad nina Chirino at Placencia. Iginagalang nga at minamahal ang mga yumao na, na nagiging anito na rin ng mga ninuno. Kaya ba naging praktis na ng mga Espanyol na pagtayaran ng simbahan ang mga sinaunang sementeryong inabutan nila? Nang lumaon, naging bahagi na ng *reduccion/erreccion* (pagtatag ng bayan) ang pagpapatayo ng sementeryo sa likod o sa gilid ng simbahan sa tinatawag na *plaza complex*. Ito iyong pagbubuo ng mga institusyon ng poder. Pinagsasama sa isang lugar ang simbahan, kuwartel at munisipyo, at ang eskuwelahan. Sa di kalayaan ay ang bahayan ng principalia at ang palengke. Sa bagong pamayanan ay may mga pumupulas pa rin, pero unti-unti nang nagkakapundasyon ang sentro ng mga lokal na pamahalaang administratibo ng mga Espanyol. Siguro, sapagkat ang mga labi ng kanilang mga mahal sa buhay na nanatiling bahagi na ng sementeryong munisipal.

Pansinin sa kasalukuyan ang pagpapahalagang ibinibigay natin sa Nobyembre 1, ang araw ng mga patay, na *All Saints' Day* sa Ingles, na dapat ay araw ng mga banal. Sa araw na ito, malinis at maganda ang mga sementeryo kahit sa isang araw lang. Nawawala ang tao sa mga kalunsuran at matatagpuan sila sa mga sementeryo. Ang sementeryo'y nagiging isang *composite* na pamayanan. Posible ba kung gayon, na tingnan ang sementeryo bilang *incipience* ng kaisipang pambayan? May relasyon ba ang nasyonalismo sa sementeryo? Maiuugnay ba ang mga tulang may mga puntod, kaluluwa, at lumbay sa pormasyon ng nasyonalismo? Sabi ni Anderson sa kanyang *Imagined Communities*,²⁵ ang print daw ang simula ng nasyonalismo sa mga bansang Europeo. Pero bago pa man mabuo ang konsepto ng print ay may konsepto na ng bayan. Saka iba naman ang karanasang *continental* sa karanasang

archipelagic, kung saan ang mga pamayana'y nag-umpisa sa bangka/tubig. Kaya rin ba ang dulo ng pambansang awit ay *Ang mamatay nang dahil sa iyo*?

Hindi natin alam kung ano ang nangyari sa tula nina Lakandula at inapo nitong si Gatdula. Maipagpapalagay lamang natin na naging bahagi na iyon ng Akdang bayan. Ayon kay Lumbera, marami pang masasabi ang mga kantahing-bayan dahil hindi iyon ganap na napakialaman ng mga dayuhan. Walang konsepto ng awtor ang sinaunang lipunan. Ang tula noo'y pangsambayanan. Sa pagdating ng bagong panginoon, nabago na naman ang mga interaksiyong pangkultura. Naging cosmopolitan ang mga katutubo, tinanggap ang mga bagong impluwensiya. Tulad rin kung paano niya tinanggap ang mga nauna pa, tulad ni Sitan,²⁶ na pinakahari ng masasamang panginoon at ang ugat ay Saitan, na galing sa Satanas; tulad din ni Soliman na baryasyon ng Solomon. Ganoon ang mga interaksyon. Sa pagpapalitan ng kultura, may mga nababagong kahulugan, sang-ayon sa pagkaintindi ng gumagamit nito. Kung gayon, ang galak at lumbay ay hindi mga personal na galak at lumbay, kundi kolektibong karanasan din ng mga katutubong nagsalin nito sa ating kasalukuyang kamalayan.

MGA TALA

1. Interbyu kay Jake Abad, Hulyo 10, 2008.
2. Andres Cristobal Cruz (Editor), Introduksyon sa *Panata sa Kalayaan ni Amado V. Hernandez* (Manila: Atang de la Rama Hernandez, 1970).
3. Galak. Asar, pasaway, tudyo, siste o satire sa Ingles.
4. Tingnan, Rosario Torres-Yu (Editor), *Sarilaysay: Tinig ng 20 Babae sa Sariling Danas Bilang Manunulat* (Quezon City: Anvil Publishing, 2000) at *Sarilaysay: Danas at Dalumat ng Lalaking Manunulat sa Filipino* (Quezon City: Likhaan, UP Creative Writing Center and University of the Philippines Press, 2004).
5. Tingnan, *Filipinos in History Vol. I* (Manila: National Historical Institute, 1989).
6. Tingnan, Veneracion, *Kasaysayan ng Bulacan* (Kokonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986).
7. *Ibid.*
8. Nasa kalendaryo ng Hagonoy, 2005.
9. *Huling Testamento ni FMB.*
10. Pedro Chirino, *Relacion de las islas Filipinas* (Rome: 1604).
11. Isinulat ni Marcelo H. Del Pilar ang *Dasalan at Tocsohan* noong 1888.
12. Jose Rizal, *Noli Me Tangere* (Berlin: Berliner Buchdenckerei Aktiengesellschaft Setzerinner-Schulede, 1887).
13. Jose Rizal, *El Filibusterismo* (Ghent: F. Meyer-Van Loo Press, 1891).
14. Graciano Lopez Jaena, "Fray Botod". Isinulat sa taong 1874 nung 18 taong gulang lang siya. Inilimbag bilang bahagi ng antolohiyang *Discursos y articulos varios* (Barcelona: Imprenta Iberica de Francisco Fossas, 1891).

15. Tingnan, Wilhelm G. Solheim, William G. Solheim, David Bulbeck, Ambika Flavel, *Archaeology and Culture in Southeast Asia: Unraveling the Nusantao* (Quezon City: UP Press, 2007).

16. Vladimir Braginsky, *The Heritage of Traditional Malay Literature: A Historical Survey of Genres, Writings and Literary Views* (Singapore, Institute of Southeast Asian Studies, 2005), 58.

17. Lope K. Santos, *Banaag at Sikat* (Manila: Limbagang E. C. MacCullough, 1906). Ikalawang paglimbag sa Maynila: Manlapaz Publishing Co., 1979). Unang sinerye ang nobelang ito sa peryodikong *Muling Pagsilang* noong 1901.

18. Amado V. Hernandez, *Isang Dipang Langit, Katipunan ng mga tula ni Amado V. Hernandez* (Tamaraw Publishing Co., 1961). Ikalawang Paglimbag—(Quezon City: Ken Inc, Manlapaz Publishing, 1973).

19. Braginsky, *The Heritage of Traditional Malay Literature*, 58.

20. Interbyu kay Eros Atalia.

21. William Henry Scott, *Barangay, Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994).

22. Braginsky, 679.

23. E. Arsenio Manuel, 23.

24. Ely Buendia at Eraserheads, “Ang Huling El Bimbo,” *Cutterpillow Album* (Manila: BMG Music, 1995)

25. Tingnan, Benedict Anderson, *Imagined Communities Reflections on the Origins and Spread of Nationalism*. (New York: Verso, 1983). Reprinted Quezon City: Anvil Publishing, Inc. 2003.

26. Tingnan, Pedro Chirino, *Relacion de las islas Filipinas* (Rome: 1604).